# Aso ni Lito

Ang aso ni Lito ay maamo. Moymoy ang tawag niya sa kaniyang aso. Si Moymoy ay mahilig maglaro at tumakbo.

## Mga Tanong:

1. Sino ang may aso?
   a. si Rico
   b. si Lito
   c. si Lolo
2. Ano ang pangalan ng aso?
   a. Moymoy
   b. Maymay
   c. Miya
3. Ano ang hilig gawin ng aso?
   a. matulog
   b. kumain
   c. tumakbo

*Printable PDF Copies @ funteacherfiles.com*

FUN TEACHER FILES

# Kabayo ni Yayo

Ang kabayo ni Yayo ay kulay abo. Ito ay mabilis tumakbo. Palagi itong kumakain ng damo. Mahal ni Yayo ang kabayo.

## Mga Tanong:

1. Sino ang may kabayo?
   a. si lolo
   b. si yaya
   c. si Yayo
2. Ano ang kulay ng kabayo?
   a. puti
   b. abo
   c. itim
3. Ano ang pagkain ng kabayo?
   a. itlog
   b. isda
   c. damo

*Printable PDF Copies @ funteacherfiles.com*

FUN TEACHER FILES

# Pusa ni Pepito

Si Pepito ay may pusa. Ito ay kulay puti. Ang pusa niya ay malusog at mabalahibo. Mahilig itong maglaro

## Mga Tanong:

1. Sino ang may pusa?
   a. si Petra
   b. si Pedro
   c. si Pepito
2. Ano ang kulay nito?
   a. puti
   b. itim
   c. abo
3. Ano ang hitsura nito?
   a. payat
   b. maliit
   c. mabalahibo

# Manok ni Tom

Si Tom ay may alagang manok. Ito ay madalas mangitlog. Pinakakain ni Tom ang inahing manok upang ito ay lumusog.

## Mga Tanong:

1. Sino ang may alaga?
   a. si Kim
   b. si Ram
   c. si Tom
2. Ano ang alaga niya?
   a. tandang
   b. inahing manok
   c. ibon
3. Ano ang ginagawa ni Tom upang ang inahin ay maging malusog?
   a. pinapatulog
   b. pinalilipad
   c. pinakakain

*Printable PDF Copies @ funteacherfiles.com*

FUN TEACHER FILES

# Ibon

May tatlong ibon sa sanga. Maya ang tawag sa ibon na aking nakita. Masarap pakinggan ang huni nila.

## Mga Tanong:

1. Ilan ang ibon?
   a. lima
   b. apat
   c. tatlo
2. Anong uri ng ibon ito?
   a. kalapati
   b. maya
   c. agila
3. Ano ang masarap pakinggan?
   a. radyo
   b. awit
   c. huni ng ibon

*Printable PDF Copies @ funteacherfiles.com*

FUN TEACHER FILES

# Isda ni Iska

Ang isda ni Iska ay kulay kahel. Ito ay isang *Goldfish*. Ang isda ni Iska ay masayang lumalangoy. Inaalagaan niya ito ay pinakakain.

## Mga Tanong:

1. Sino ang may isda?
   a. Si Isko
   b. si Iska
   c. si Inay
2. Anong uri ng isda ito?
   a. bangus
   b. tilapya
   c. goldfish
3. Ano ang kulay nito?
   a. kahel
   b. berde
   c. pula

Printable PDF Copies @ funteacherfiles.com
FUN TEACHER FILES